BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Tindahan

CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Tindahan

Ano ang nasa gabay na ito?

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa

Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong

Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit

Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan

Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok

Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis

Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

Nakikitang patnubay

Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho

Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga modelong may pleksibilidad

Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

Mga matatag na operasyon

Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

Mga alituntunin sa pagbiyahe

Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

Pagsusuri / pagsubaybay

Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Tindahan

Nakaguhit na halimbawa

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)



Ano ang maaaring maging iba?

1. Pagsunod ng mga customer sa **pisikal na paglayo** habang nasa bilihan
2. Maaaring gamitin ang mga **hindi nalalampasang harang** para panatilihin ang pagkakahiwalay ng mga empleyado at mamimili
3. Madalas **didisimpektahan** ng mga empleyado ang tindahan
4. Nakahandang magamit na **mga produktong panlinis**
5. Hinihikayat ang mga customer na gumamit ng **walang contact na pagbabayad**
6. Kailangang magsuot ng mga customer at empleyado ng **pantakip sa mukha** sa lahat ng oras
7. **Mga palatandaan ng 6 na talampakan** sa buong tindahan para tiyaking masusunod ng mga customer ang pisikal na paglayo

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE CHICAGO

Maging Ligtas. Mga Tindahan

Mga malusog na pakikisalamuha

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Tiyakin ang >6 na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal at magkakalapit na masisikip na lugar

- Maglagay ng mga marka para sa 6 na talampakan (hal., mga marka sa sahig) sa anumang lugar kung saan pumipila o nagtitipon ang mga bisita o empleyado para matiyak ang naaangkop na paglayo sa kapwa (hal., malapit sa checkout, deli/tindahan ng tinapay, serbisyo sa customer, mga sukatan ng damit)
- Kung magagawa, maglagay ng mga hindi nalalampasang harang kapag hindi posible ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan (hal., mga counter para sa check-out)

Limitahan ang mga pagpupulong para matiyak ang paglayo sa kapwa; limitahan ang dami ng taong maaaring magpulong sa mga espasyo

- Limitahan ang kapasidad sa 40% para sa di-esensyal na tindahan, 50% para sa esensyal na tindahan, para sa lahat ng espasyong nasa loob (hindi kasama ang tauhan)
- Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado at customer sa mga masisikip na lugar (hal., mga break room, check-out area) sa hindi lalagpas sa 50 indibidwal, habang tinitiyak ang paglayo sa kapwa nang 6 na talampakan

Maging Ligtas. Mga Tindahan

Mga malusog na pakikisalamuha

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Pamprotektang gamit

Tiyakin ang paggamit ng pamprotektang gamit ng mga empleyado at customer

- Sa lahat ng espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat (hindi kasama ang mga pribadong espasyo tulad ng mga sukatan ng damit), dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Bigyan ang mga nagtatrabaho sa grocery ng mga guwantes, ayon sa mga karaniwang protokol para sa paghawak sa pagkain

Mga kinakailangan para sa kalinisan

Tiyakin ang regular na paglilinis ng kamay at mga madalas na mahawakang lugar at gamit

- Magbigay ng mga produktong panlinis na magagamit ng mga customer (hal., sabon at tubig, sanitizer sa kamay)
- Pagbawalan ang mga empleyado ng tindahan mula sa paghawak ng mga muling magagamit na lalagyan ng mga pinamili
- Magbigay ng access sa mga empleyado sa mga produktong panlinis (hal., sabon at tubig, sanitizer sa kamay) at hindi bababa sa isang break bawat shift para sa kalinisan; maaaring magsabay ang break na ito at ang anumang iba pang ibinigay na break/naka-iskedyul sa shift (hindi kasama ang naka-iskedyul na tanghalian)
- Linisin ang mga damit na ibinigay ng tindahan na iniiwan sa tindahan pagkatapos ng bawat shift, at hikayatin ang mga empleyado na linisin ang mga ito pagkatapos ng bawat shift kung iniuuwi sa bahay ang mga ito
- Bago ang bawat bagong yugto, kung maaari, magbigay ng pagsasanay upang ipaalala ang mga wastong kasanayan sa paglilinis, pagdisimpekta, at pag-sanitize

Maging Ligtas. Mga Tindahan

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Access sa Pagpasok

Magtaguyod ng protokol sa pagsusuri ng kalusugan ng mga empleyado at patnubay para sa pagpila ng mga customer

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng mga empleyado ang kanilang sarili para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan – tingnan ang appendix)
- Hindi dapat pumasok o hayaang manatili sa trabaho ang mga empleyado kung may sintomas sila o kapag nag-ulat sila ng pakiramdam na may sakit
- Maglagay ng mga marka sa labas para sa mga nakapilang customer, na may espasyo na 6 na talampakan ang layo (malikhaing paggamit ng mga "people spot" o lugar para sa mga tao, o ibang kahawig na programa na magbibigay-daan sa ligtas na pagpila sa labas para sa maliit na negosyo sa kapitbahayan)

Mga pamantayan sa paglilinis

Magtaguyod ng mga pamantayan sa araw-araw na paglilinis ng mga espasyo at mga kagamitang madalas hawakan

- Linisin at disimpektahan nang madalas ang mga pampublikong banyo, mga fitting room at lahat ng madalas na hinahawakang bagay (hal., mga cart, basket, kagamitan para sa self-serve na pag-check out, mga pang-display na case/mga counter para sa pag-check-out) nang hindi bababa sa isang beses kada 2 oras tulang ng naaangkop

Maging Ligtas. Mga Tindahan

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Magbigay ng nakikitang patnubay para sa mga pamantayan sa kalinisan at mga kinakailangan para sa pagpasok

- Magpaskil ng mga komprehensibong paalala tungkol sa kalusugan at kalinisan sa kwarto para sa pahinga (hal., senyas mula sa mga alituntunin ng CDC)
- Maglagay ng palatandaan para sa paglayo sa kapwa/pantakip sa mukha sa mga pasukan (kabilang ang mga pamantayan para sa pagpasok) at sa checkout
- Kung maaari, paminsan-minsang mag-anunsyo para sa paglayo sa kapwa buong araw

Baguhin ang mga operasyon sa lugar ng trabaho

- Payagan ang muling pagbubukas ng mga cafeteria, buffet, o iba pang self-serve na mga istasyon ng pagkain kung empleyado ang magbibigay ng pagkain at nakasuot siya ng tamang PPE; hikayatin ang paggamit ng mga nakabalot nang serving
- Payagan ang mga self-service na beverage fountain kung madalas na nililinis at sina-sanitize ang mga ibabaw, at pinagbabawalan ang mga customer mula sa pagre-refill sa mga baso o paggamit ng mga muling nagagamit na baso; kung magagawa; limitahan ang paggamit ng mga customer sa mga istasyon ng inumin
- Tiyakin na empleyado o vendor ang nagbibigay ng lahat ng sample (pagkain, produkto)
- Kung maaari, baguhin ang paggalaw ng tao sa tindahan para matiyak ang paglayo sa kapwa (hal., mga one-way na daanan)
- Buksan muli ang mga mauupuang lugar ng kainan alinsunod sa mga alituntunin sa paghahanda ng pagkain

Maging Ligtas. Mga Tindahan

Mga operasyon at pagsubaybay

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)

Limitahan ang pagpasok sa trabaho kung saan maaari

- Bawasan ang personal na pakikisalamuha kung saan magagawa (hal., pag-isipang gumamit ng mga online na pagsasanay / virtual na pagpupulong ng tauhan)
- Kung maaari, pahintulutan ang mga empleyado na kayang magtrabaho mula sa tahanan na patuloy na magtrabaho mula roon

Limitahan ang pakikisalamuha ng mga indibidwal kung maaari

- Kung maaari, hikayatin ang paghatid sa bangketa/pag-deliver at pagbabayad na walang contact, at/o mag-isang pag-check out (kung saan available)
- Kung maaari para sa mga grocery na kumpleto ang ibinebenta, magtukoy ng oras ng pagbili para sa mga taong mas mahina laban sa sakit, na hindi bababa sa isang beses kada linggo, isang oras sa umpisa ng araw

Limitadong pagbiyahe para sa negosyo

- Limitahan ang pagbiyahe para sa negosyo ayon sa mga pag-iingat para sa kaligtasan ng industriya; hikayatin ang mga virtual na pagpupulong kung kailan maaari
- Kung naaangkop, limitahan ang pagbiyahe ng mga tauhan sa iba't ibang lokasyon ng tindahan

Maging Ligtas. Mga Tindahan

Mga operasyon at pagsubaybay

Dahan-dahang Pagpapanumbalik (Yugto IV)



Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyadong nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy na may COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

Glosaryo

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagtitipon: Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Halimbawang palatanungan para sa pagsusuri sa sarili

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

Pangkalahatang patnubay sa lugar ng trabaho

CDC – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika)*: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf

CDC – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html

OSHA *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19)*: https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf

Mga patnubay sa mga tindahan

National Retail Federation – *Coronavirus Resources for Retailers (Mga Dulugan ukol sa Coronavirus para sa Mga Nagtitinda)*: https://nrf.com/resources/retail-safety-and-security-tools/coronavirus-resources-retailers

Retail Industry Leaders Association – *COVID-19 Resource For Retailers (Dulugan ukol sa Coronavirus para sa Mga Nagtitinda)*: https://www.rila.org/coronavirus-resources-for-retailers

OSHA – *COVID-19 Guidance for Retail Workers (Gabay ukol sa COVID-19 para sa Mga Nagtatrabaho sa Mga Tindahan)*: https://www.osha.gov/Publications/OSHA3996.pdf

Pahayag ng Pagtanggi

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.